

1

Maingay na naghikab si Tessa Ramirez. Hindi pa nakuntento, eksaheradong itinakip niya sa bibig ang mga kamay na halos matakpan na ang mukha niya. Kahit sino ang makakita sa kanya, hindi magdududang nabo-bore na ang dalaga. Kung ibang tao lang ang kanyang kausap, malamang nainsulto na sa kawalan ng interes na ipinapakita niya. O hindi kaya ay kaninang-kanina pa itinikom ang bibig.

Pero hindi na ibang tao sa kanya si Rica Melendez. Best friend ni Tessa ang anak ng multi-awarded at veteran actor na si Kiko Melendez. Born with a silver spoon in the mouth, sanay itong maging sentro ng atensyon dahil sa celebrity status ng ama. Wala sa bokabularyo nito ang salitang binabalewala. Taglay rin nito ang uri ng kagandahang mahirap balewalain.

At siguro dahil matalik silang magkaibigan kaya pinapayagan siya ni Rica na ignorahin ito at sermunan paminsan-minsan.

Subalit wala yatang epekto ngayon dito ang pande-deadma niya. Mukhang immune na ito sa mga *da moves* niya kaya tuloy lang ito sa ganadong pagkukuwento ng love life nito.

Spying On The Supermodel - Mary Santiago

Tessa sighed. Ang totoo, hindi niya alam kung paanong ang tulad nila ni Rica na total at major major opposites would end up as sanggang-dikit. While Rica was born in a privileged family, galing si Tessa sa pamilyang isang kahig isang tuka.

Kung panlabas na kaanyuan ang pag-uusapan, taglay ng kaibigan niya ang gandang minana nito sa mestizong ama. Maputla pa yata sa pinakamaputlang labanos ang malambot na kutis. Kulay brown ang mahabang buhok ni Rica. Hilig nitong magsuot ng designer clothes na lalong nag-e-enhance sa angkin na nitong kagandahan.

Samantalang klasikong Pinay ang hitsura ni Tessa na may itim na itim na buhok at namumurok na mga pisngi. Marahil sa maraming tao, kakulangan sa pisikal na kagandahan ang paggiging morena niya—kayumangging kaligatan kung tawagin ng iba. Pero ayos lang iyon sa kanya. Proud siya sa kulay ng kutis niya. Kumikislap daw ang mga mata niya kapag ngumingiti siya.

May taglay na ismarteng talim ang isip ng dalaga, owed to a childhood spent in the streets.

May mga pagkakapareho rin naman ang dalawang dalaga. Gaya ng kursong kinuha sa prestihiyosong unibersidad na kanilang pinasukan.

Spying On The Supermodel - Mary Santiago

Noong una silang magkita, hindi nila pansin ang isa't isa nang okupahin nila ang magkatabing upuan sa kanilang college orientation. Rica was surrounded by her rich friends, chattering excitedly samantalang tahimik lamang na nagmamasid sa mga naroon si Tessa.

Unlike Rica, nininerbyos siya dahil noon lang siya mag-aaral sa private school. She'd be rubbing shoulders with the elites. She was there on a scholarship.

Nakaka-overwhelm, or it had been, during the first few days. She got used to it eventually.

Parang sinasadya na sabay silang napatingin ni Rica sa isang matabang freshman na naka-miniskirt na minalas na madulas sa kanilang harapan. Nakilala na niya noon ang dalaga, kaklase niya ito sa halos lahat ng subjects.

Hiyang-hiya, hindi makatayo ang babae lalo na't naghagalpakan ng tawa ang buong covered court.

Kahit si Tessa ay gustong humalakhak na parang wala nang bukas, pero pinigilan niya ang sarili nang makitang halos mangiyak-ngiyak ang babae. Dali-daling niya itong nilapitan para tulungan itong tumayo. Nagulat siya nang sa kaliwa ay sumulpot din

Spying On The Supermodel - Mary Santiago

si Rica para alalayan ito. Nagtama ang tingin nila at nagkangitian. Nang sandaling iyon, may nakita silang pagkakapareho na higit pa sa nakikita ng mga mata.

Magmula noon, naging magkaibigan na sila at nadiskubre pa ang napakarami nilang pagkakapareho. Pareho silang outgoing at masayahin.

Rica, however, was careless—carefree. Tessa, on the other hand, did not care much about norms or about what other people might say. She had her own set of values and that was that.

Sa kabila niyon, solid pa rin sila at nagkakaintindihan.

“Tessa, ito na iyon. This is true love na!” Hinila siya pabalik sa kasalukuyan ng tiling iyon ni Rica.

“Lecheng true love ’yan, Rics. ’Yan din ang sinabi mo noon kay Alex, kay Winston, kay Marl, at kung sinu-sino pang anak ni Juan. Magtigil ka nga,” tuya niya.

Kung ide-describe niya ang love life nito, gagamitin niya ang metapora ng isang painting. Dominante ang kulay pula sapagkat overworked dito si Cupido sa daming beses na nitong na-in love. Madalas, sasabihin nitong kulay rosas ang paligid dahil puno ng pag-ibig at ligaya. Pero hindi pa umiinit

Spying On The Supermodel - Mary Santiago

ang puweta sa pagkakaupo sa isang relasyon, malalambungan na agad ito ng kulay luntian sa dami ng selosan. Minsan naman ay kasing-itim ng tumatabing na ulap kapag bagyo ang buhay-pag-ibig ni Rica dahil sa sangkatutak na dramahan at iyakang nagaganap. At bigla na lang iyong makukulapulan ng asul—kalmado na parang dagat, pero nakakatakot din sa sobrang tahimik at lalim.

Magugulat na lang siya dahil mababalitaan niyang nakipaghiwalay na si Rica sa jowa nito.

We sort of fell apart, walang-anumang sasabihin nito sa kanya.

“Iba ’yun. Iba ito,” giit ng kaibigan. “I swear, this is really is it na talaga. Arman is a different guy. He’s sweet, he’s handsome, he’s responsible.”

“And a certified playboy, no doubt. Who is this guy again?”

“Arman Sarte. He’s a model, the latest face and body of *Jeans & Company*. And he’s no playboy.” Inginuso nito sa kanya ang magazine na nakapatong sa lamesita.

Kasalukuyan silang nasa salon na pagmamay-ari ni Rica. Mula sa repleksyon nito sa salamin, nakikita niyang marahan nitong inayos ang mahabang

buhok na katatapos lang i-blow dry. Kanina pa ito naghahanda dahil may dinner date ito.

At nahuhulaan na niyang si Arman ang kasama nito.

Binuksan niya ang magazine. “He’s dating you despite the fact na hindi pa sila nagbe-break ng current girlfriend niya? Don’t tell me feel mong maging number two? Alam ko namang gaga ka, Bex, pero ganoon ka ba kagaga talaga?”

“He’ll break up with her. I saw it with my own eyes. They no longer care for each other. It’s bound to end.” The last words were muffled as Rica was applying rosepetal lipstick on her lips.

Umiling-iling siya. She heard the edge of stubbornness in Rica’s voice. Her friend was hopeless. Wala ito sa huwisyo para makinig sa kanya. Nagkibit-balikat siya.

Well, Rica’s old enough to fend for herself.

Ipinagpatuloy niya ang pagpili ng nail polish na ilalagay sa mga daliri. Kinuha niya mula sa estante ang kulay pulang nail polish, matinkad at malalim ang pagkapula nito. Hindi cheap-looking, kundi very classy at chic. Lumapit sa kanya ang manikurista ni Rica na si Lucille pero marahang umiling siya.

Spying On The Supermodel - Mary Santiago

“Ako na, Lucille. Pagbibintangan na naman akong abusado ng amo mong kuripot,” nakangiti niyang patutsada na si Rica ang pinatatamaan.

“Aba, dapat lang! Magaling ka naman diyan. Libre ka na ngang nakakasermon, libre ka pa sa make-over. Masyado ka na yatang sinuswerte.”

Mahina lang siyang nagtawa. She bent low and started applying the polish on her toenails.

“So, what do you think?” Sa wakas, tumigil na sa paglalagay ng kolorete sa mukha si Rica. With a last tug at her dress, she turned around and let Tessa inspect her.

Sandali lang niyang pinasadahan ng tingin ang kaibigan.

Matapos ay kibit-balikat na nagsabi, “Well, you’re flawless.”

That was all Rica needed to hear. Alam nitong hindi nagsisinungaling ang kaibigan.

“Thanks, Bex. Trust me, this guy is different.”

“If you say so. Mapagkakatiwalaan naman talaga ang taste mo,” sarkastiko niyang sabi.

Pero hindi na nakikinig si Rica. Mabilis pa sa alas

kuwatrong nakalabas ito ng salon na tumatagaktak ang stilleto na suot.

Napailing-iling siya. Nakikipagpustahan na siya sa sarili kung hanggang kailan tatagal ang bagong boylet nito.

Nang gabing iyon, Tessa was unable to sleep. Hindi na bago sa kanya ang mga ganitong gabi, insomniac siya kaya madalas hirap talaga siyang makatulog. Binuksan niya ang table lamp, mapusyaw at nakakaantok ang pagkaluntian ng kulay ng ilaw niyon. Pero dilat na dilat pa rin siyang parang nakainom ng isang dosenang tasa ng kape.

“Anak, hindi ka ba makatulog? Gusto mo bang ipagtimpla kita ng gatas?” Boses iyon ng nanay niya mula sa kabilang kuwarto. Siguro ay narinig nito ang paglangitngit ng papag na kinahihigaan niya.

“Hindi na, Ma. Matulog ka na. Okay lang ako.”

Bumalik sa pagtulog ang nanay niya. Alam niya iyon dahil mayamaya lang, she heard soft snoring sounds. Sa liit ng bahay nila, kahit mahinang hilik lang ay dumadagundong na.

She looked around her room, looking for

Spying On The Supermodel - Mary Santiago

something to lull her to sleep. Her eyes fell upon the magazine na itinuro ni Rica sa kanya. Hiniram niya iyon kay Lucille kanina.

Bumangon siya at kinuha iyon. She flipped through the magazine hanggang sa mapadako siya sa artikulo tungkol kay Arman Sarte.

May ilan pang pictures ng lalaki sa loob ng magazine. Matangkad ito. Shirtless ang lalaki sa isang larawan. Tinagurian itong one of the hottest and sexiest men of 2011. Pangahan ang mukha at may mga labing lalaking-lalaki. Makapal ang mga kilay na nakatabon sa almond-shaped at expressive nitong mga mata.

“In fairness, laman-tiyan nga,” she said approvingly.

The more she looked at him, the more na nagiging firm sa kanya that the guy was devilishly handsome—someone who could easily melt any girl’s heart.

Well, not mine, sa isip-isip niya, I like those with boyish looks. Arman’s not my type.

2

Napaangat mula sa binabasang mga dokumento si Tessa. Marketing staff siya sa isang advertising agency. Maingay na bumukas ang pinto ng opisina. Lumipad ang mga mata niya sa paparating na pigura ni Rica. Mabuti na lang at nasa pantry ang mga kasamahan niya. Baka nakatikim ng batikos ang dalaga kahit gaano ito kaganda.

Sambakol ang mukha ng babae. Magkasalubong ang mga kilay at padaskol na ibinagsak nito ang handbag.

Bahagya siyang napakunot-noo. “May problema ba?”

Ibinagsak nito ang katawan sa upuang nasa harapan ng mesa niya. Nagrereklamo ang tunog ng kawawang upuan.

“The chair,” she scolded softly. Sumimangot lang si Rica.

“Di ko feel mag-Madam Auring, Bex. Spill it out at tigilan mo na ang pagiging emotera. Hindi bagay,” sabi niyang ibinalik ang tingin sa dokumentong pinag-aaralan.

Spying On The Supermodel - Mary Santiago

Rica pouted. “I’m leaving for New York. I’ll be staying there for a month.”

Kasalukuyang namamalagi sa ibang bansa ang mga magulang ni Rica para magbakasyon. Nandoon na rin ang mga kapatid nito.

“Isn’t that nice?”

“No, it’s not,” protesta ng kaibigan. “I can’t go. It’s not acceptable. It’s catastrophic.”

“Ano’ng catastrophic d’un?”

“You can ask me that? A month is a long time!”

“Yeah, like four weeks’ long,” sarkastiko niyang sabi.

Rica ignored her sarcasm. “Don’t you understand the consequences? I will be away for a whole month. What would happen to me and Arman? Bagong-bago pa lang ang relasyon namin.”

Tiningnan niya lang ang nagmamaktol na kaibigan.

“Well, I know that we could maintain a long distance relationship,” mabilis na bawi nito. “I trust him. But I can’t just ignore the fact na nakapaligid sa kanya ang madaming temptasyon dahil sa trabaho

niya. I'll feel more at ease kung may isang taong pinagkakatiwalaan ko ang nakabantay kay Arman.”

“In short, wala kang tiwala sa kanya.”

Parang walang narinig na nagpatuloy lang ang kaibigan. “Yesterday, Arman mentioned that he needs a new makeup artist. Alam kong sinabi niya iyon sa akin dahil nga I'm in the salon business and he's asking for someone I could refer. And I thought... since mawawala nga ako ng isang buwan, maganda kung ikaw ang magiging makeup artist niya.”

Nahihirapan si Tessa na ibigay ang full attention niya kay Rica. May tinatrabaho siya, pero tila hindi iyon nahahalata ng nagsasalita.

Tuluy-tuloy lang ito. “At alam mo pa, Tessa, napag-alaman ko na ang mahaderang makeup artist niya dati, nagkagusto pala sa Arman ko. Ang kapal, Bex! As if naman papatulan siya ni Arman.”

“Frankly, I don't care. Hindi mo naman sinasabi iyan sa akin dahil gusto mong sang-ayunan kita, di ba?” Ngumiti pa siya.

“Well, hindi naman ako gan'un kababaw, 'no? Sinasabi ko 'to para ipaalam sa 'yo na ni-refer kita para maging makeup artist ni Arman. I mean, you could totally do it. You are good!”

Bahayang tumaas ang kilay niya. “Ayoko.”

“Why not?” Rica looked crestfallen.

“In case you didn’t notice, I have a job, Miss Melendez.”

“But I can pull some strings here. I mean, it’s just for a month. Your boss can’t say no to me.”

“Ayoko pa rin. You just want me to spy on your boyfriend. I thought you trust him. Why the hell do you want me to babysit him?”

“Okay, siges na nga, it’s partly that. It’s a good break, Tessa. Plus, you’re not confined to an office. And I seriously think you are perfect for the job.”

“No. And why are you so insecure? You’re beautiful, sexy, rich. Hindi ka niya ipagpapalit.”

“But the girls with him are beautiful and sexy, too. Masisisi mo ba ’ko? Please, Tessa?” Rica sighed. “Masuwerte ka. You’re strong. Wala kang insecurity sa katawan.”

Namagitan sa kanila ang sandaling katahimikan.

Rica knew that when Tessa said no, she meant no.

“I’ll be leaving first thing tomorrow morning,” ani Rica na tumayo na mula sa kinauupuan. Dahan-

dahang binagtas ng babae ang daan patungo sa pintuan, sa sobrang kabagalan dinaig pa nito ang karo ng patay na nagpuprusisyon.

“Rics, malapit lang iyang pintuan, hindi ’yan Mindanao.”

Nagpapadyak ito at bumalik. “Kasi naman, Tessa. Sige na, o, pumayag ka na. No matter how I think of it, wala kang talo sa set-up na ito.”

Napabuntong-hininga siya. Saglit na nag-isip, weighing the pros and cons. She closed the file she was reading and put it on the table.

“Fine, you win,” sa wakas ay sabi niya. “But I’m only doing this dahil ayokong umalis ka na masama ang loob sa ’kin. At bilang pagtanaw ng utang na loob dahil ilang buwan din akong nag-parttime sa salon mo habang naghahanap ako ng stable na trabaho. Emotional blackmailer, hmp!”

Namilog ang mga mata ni Rica. “Ang ibig bang sabihin niyan pumapayag ka na?”

“Ano pa nga ba?”

Parang may spring sa mga paa na biglang naging excited ang dalaga. “I’ll text you the address. Thank you, thank you! I love you, Tessa. Babush!” At nag-

flying kiss pa ito sa kanya.

Iyon lang at nagmamadaling lumabas na ang babae bago pa magbago ang isip niya.

Napailing siya.

Humahangos na tumawid sa kalsada si Tessa. Nasa ibayo ang bahay ni Arman Sarte. Maganda ang kapaligiran ng *Plainsview Village*. Pakiramdam nga niya ay nasa isang park siya sapagkat naka-landscape ang lugar at may mga punong nakahanay na hitik sa maririkit na bulaklak.

Ito ang unang araw na magre-report siya sa bagong trabaho, and she was running very late. Nag-effort siyang magbihis nang maayos dahil kahit paano ay gusto niyang maging maganda ang unang impresyon sa kanya ng bagong boss. Pero haggard pa rin ang hitsura niya.

Kung bakit kasi ngayon pa nagkasakit si Monching, himutok niya.

Si Monching ang pamangkin niya sa yumaong panganay na kapatid na si Tommy at sa hipag na si Kristina. Siya ang sumusuporta sa mag-ina.

Anxious na pinindot niya ang doorbell. Nang

Spying On The Supermodel - Mary Santiago

wala kaagad nagbukas ng gate ay pinindot niya ulit iyon.

“Sandali! Will you please wait?” Iritado ang baritonong boses na galing sa loob. Sunod niyang narinig ang mga yabag na papalapit.

Bumukas ang kulay asul na gate. Tumambad sa kanya ang mukhang una niyang nasilayan sa magazine. Salubong ang mga kilay ng lalaki.

No... Hindi sa magazine.

Katabi niya ito sa upuan sa isang subject noong college. Only this time he looked mature, manly and smoking hot. Subalit walang bakas ng pagkakilala sa guwapo nitong mukha.

“Yes?” kunot-noong untag nito.

“H-hi!” Pumiyok ang boses niya. Iniabot niya ang kamay para makipagkilala. “Ako si Tessa. Tessa Ramirez. Ako ’yung ini-refer ni Rica para maging makeup artist mo.” Itinuro pa niya ang sarili for emphasis. Alanganin siyang ngumiti.

Imbis na tanggapin ng lalaki ang iniaalok niyang kamay, tumingin ito sa suot nitong wristwatch.

“You’re late, Miss Ramirez,” malamig na saad nito.

Napakagat-labi siya. “Sorry. I got held up—”

“I don’t care. An appointment is an appointment.”

Parang gumuho ang lupa sa ilalim niya.

“Do you think that letting your boss wait will make for a dramatic impression? You’re wrong. You’re fired. You may leave.” Iyon lang at ibinagsak nito sa mukha niya ang gate.

Hindi siya nakapagpigil. Pinindot niya uli ang doorbell.

“What?” singhal nito.

“I think it is extremely unfair to fire me even before I started working. Hindi mo ba naisip na baka may importanteng rason kung bakit na-late ang isang tao? Hindi mo puwedeng basta-basta na lang akong patalsikin, that’s not humane. Late ako, okay sige, late ako ngayon, pero hindi naman ibig sabihin magiging late na ako forever and ever. At meron akong dahilan, you should at least hear me out. You can’t just do this.”

Napatiim-bagang si Arman sa litanya niya. Matalim ang mga matang sinipat siya nito. “Ako ang boss, may karapatan akong tanggalin ang sinumang empleyado kung gusto ko.”

Spying On The Supermodel - Mary Santiago

Napakagat-labi si Tessa at talunang nagbaba ng tingin. Nakapagpaalam na siya sa trabaho. Ipinasok na reliever ng immediate boss niya ang isang kamag-anak nito. Hindi siya puwedeng basta bumalik. Unpaid leave ang ibinigay sa kanya. Kailangan niya ang kikitain niya sa pagtatrabaho para sa boyfriend ni Rica.

“Okay, Sir, pero baka naman you could give me another chance? Dinala ko kasi sa ospital ang pamangkin ko kaya na-late ako. Pero magaling talaga ako. Kaya kong pagandahin kahit si Diego, totoo iyon, hindi ako nagchochorva lang. Sige na, just give me a chance to prove my skills.” Sa isip ay tinitiris niya si Rica. Hindi pa siya nagmakaawa kahit ilang beses siyang nag-apply sa trabaho para mahanap ang kompanya na talagang gusto niyang pasukan.

“You are being ridiculous, Miss Ramirez.” Parang umigting ang ugat sa noo ng lalaki.

Lalo pa yatang nagalit sa kadramahan niya. Natameme siya. *Me and my big mouth*, sisi niya sa sarili.

Bago pa maibagsak uli ang gate sa mukha niya ay sumungaw sa tabi nito ang isang may edad na babae. Hindi nila namalayan ang pagdating nito.

Spying On The Supermodel - Mary Santiago

“May bisita ka pala, Hijo. Bakit hindi mo siya papasukin?” Mabait ang ngiti ng eleganteng babae. Ibinukas nito nang maluwang ang gate.

“Mom, why did you get up? Hindi ka pa magaling.” Bigla ay kababakasan ng concern ang boses nito.

“May sakit ba ako? Gusto kong maglaro. Laro tayo. Magaling na daw ako, sabi ng doktor.” Humalakhak ito.

“Mom, halika na, pasok na tayo. Huwag matigas ang ulo,” Arman chided the old woman softly. Inalalayan nito ang may edad na babae.

“And you,” bahagya siyang nagulat ng tukuyin siya nito, “consider me generous for giving you another chance. If not for Rica, hindi ko gagawin ito. Go inside. Look for Barbie, he will be the one to orient you regarding your job.”

She blinked, hardly believing her luck.

“Ano pa’ng itinatayo-tayo mo diyan? Papasok ka ba o ano?”

“Papasok!” nabigla niyang sagot.

3

Kontentong pinagmasdan ni Tessa ang nagaganap na pictorial sa harapan niya. Katatapos niya lang lagyan ng body art ang katawan ni Arman. Proud na proud siya sa creation niya.

“Hindi kaya magmukhang beki si Papa Arman sa body paint na iyan?” malanding sabi sa kanya ng baklang PA ni Arman na si Barbie, kunot ang noo.

“Beki as in shokla, jokla, bakla?”

“Yun na. Yun nga mismo, Darling. Masyadong pa-girl ang pinili mong design. Buti at hindi ka jinombag ni Papa Arman,” sabi nitong tinitigan ang lalaki na parang pinagnanasaan.

“Oy, Bakla, punasan ang laway, tumutulo. Konting delicadeza,” nakangiting buska niya kay Barbie na sa sandaling panahong nakasama niya ay naka-close niya agad.

Hindi naman kasi mahirap magustuhan ang baklang bumabasag ng puso ng maraming kababaihan, sa sandaling malaman ng mga itong lalaki rin pala ang type ni Barbie.

“Yummy naman talaga, aminin!”

“In fairness,” sang-ayon ni Tessa.

Naghagikgikan sila at nag-high five pa.

Isang linggo na rin ang nakalilipas magmula nang unang beses siyang tumapak sa bahay ni Arman, na nagsisilbi rin palang opisina at studio nito. Ang totoo, nawindang siya noong una. Napakaingay sa studio. Sige ang kislapan ng mga higanteng camera. Nagpaparoo’t parito ang mga tao na dala-dala ang kung ano-anong mga abubot. May scantily-clad na mga modelong nagpapraktis ng pagpo-project sa mga dambuhalang salamin na nakadekorasyon sa dingding, at may mga hindi magkandaugagang makeup artists na inaayusan ang mga modelo. Kakaunti lang silang makeup artists sa studio, kaya madalas ay hataw sila sa pagtatrabaho.

Noong una, iniisip niyang sobrang vain at metrosexual lang talaga siguro ng modelong si Arman kaya may personal makeup artist pa ito. Buti na lang at hindi niya iyon sinabi out loud dahil malamang ay kinain niya rin ang mga salitang iyon.

Makeup artist pala talaga na magseserbisyo sa buong studio ang hinahanap nito. Ini-specify nga lang nito na siya ang tanging makeup artist na mag-

aayos dito.

“Ayoko ng paiba-iba,” simpleng sagot nito nang tanungin niya tungkol doon, sabay ng pagsasalubong ng mga kilay.

Dagling itinikom ni Tessa ang bibig, inisip na cue niya iyon para manahimik.

Napag-alaman niyang hindi lang pala pag-aari ni Arman ang studio, ito rin ang creative director ng pictorial shoots. Sa pakikipagchikahan niya kay Barbie, nalaman din niyang si Arman din ang namamahala sa *Jeans & Co*, na pangunahing iniendorso nito.

Hands-on pala itong boylet ni Rica sa lahat ng aspeto ng negosyo nito, naisip niya.

Kinabukasan, tinipon silang lahat ng amo sa maliit na audio-visual room sa opisina nito.

“I would like to commend all of you para sa magandang sales ng kompanya sa nakaraang quarter. What we do here in this studio, as the main marketing tool, plays a very important role sa patuloy na paglago ng *Jeans & Company*.” Klaro ang malagom na boses ni Arman.

Nagpalakpakan ang mga nakikinig.

“Sa buwang ito, to further boost our sales

Spying On The Supermodel - Mary Santiago

performance, we'll come up with a catalogue. Team, I would like to warn you that it will require a lot of hard work and perseverance. But I am confident that I have the best talents there is in the industry. With your raw talent, out-of-the-box creativity coupled with a dash of insanity," ngumiti ang lalaki sa sariling biro, "this catalogue will be a breeze."

Naghiyawan ang lahat, their boss' pep talk certainly revved up their creative energy.

Namilog ang mga mata at humanga siya sa binata sa pagkakataong iyon. She never thought that this supermodel was both good looks and brains. Aba, hindi rin pala basta-basta ang Arman Sarte na ito.

Subalit kung gaano kabilis niyang hinangaan ito ay ganoon din kabilis naglaho iyon. Isang beses, matapos niyang makeup-an ito na ayon sa concept na itinakda nito sa araw na iyon, nanliit siya nang walang habas na bulyawan siya nito.

"Are you stupid? Bilang makeup artist, isa kang kasangkapan para maging work of art ang isang picture. Pag pangit ang gawa mo, may epekto 'yun. Hindi puwedeng aasa ka lang sa Photoshop, mukhang plastic. Tingnan mo ang foundation na inilagay mo, ang kapal. Ano 'to, horror movie?" nang-iinsultong tuya nito.

Spying On The Supermodel - Mary Santiago

Napaigtad ang lahat ng nasa photo shoot, sandaling natigil sa mga ginagawa. Pero isang masamang tingin lang ni Arman, bumalik ang lahat sa pinagkakaabalahan.

Ngani-nganing tusukin niya ng eyeliner ang lalaki at budburan ng pagkadami-daming glitter sa pisngi.

Kahit ano ang gawin niyang sipat sa mukha nito, maayos naman ang pagkakagawa niya.

Pero aburido si Arman habang tinitingnan at mariing pinapahiran ng makeup remover ang mukha, an expression of dissatisfaction etched on his handsome face.

Hindi allergic si Tessa sa criticism, basta huwag lang ganoon kawalanghiya ang pagde-deliver. Kung balat-sibuyas siya, kanina pa siya umatungal.

Pinigil niya ang sariling bayolenteng impulses. Sa halip, pinag-igi niya ang trabaho. She considered everything he'd said as a challenge. Gusto niyang ipakita rito na may ibubuga siya. Hell, makikilala nito ang tunay na Tessa Ramirez.

She would give him the best she could give.

Nakataas pa ang mga kamay niya ala-Gabriela Silang na determinadong sumugod sa labanan sa

isiping iyon. Ibinaba lang niya ang mga kamay nang batuhin siya ng ballpen ni Barbie.

Pero magmula nang araw na iyon, matiyaga niyang inaral ang pinakamagandang timpla ng makeup lalo na kapag nasa ilalim ng lente ng camera. Nag-experiment siya ng pinakanababagay na kolorete sa iba't ibang hilatsa ng pagmumukha at iba-ibang kaanyuan ng kagandahan sa iba't ibang modelo.

Sa pagdaan ng mga araw, unti-unting nababawasan ang pagkunot ng noo at medyo naglevel down sa pagsusungit si Arman. Pero madamot pa rin ang ngiti nito. Okay lang sa kanya. Kung ayaw nito, eh di huwag! Kebs lang.

“Hoy, Tessa! Para kang tangang nakatunganga sa kawalan.” Tinampal siya ni Barbie. “Andito kaya ako, hello, pansinin mo ako.”

Humagikgik siya. “Ikaw talaga, KSP ka! Tinatanong mo ako, di ba? Palagay ko, nagustuhan niya ang ipininta ko. Otherwise, ginisa niya na sana ako.”

Hindi pa rin kumbinsido si Barbie.

“Okay, look there, titigan mo nang maigi. Para siyang niyayakap ng geisha na nakapinta sa katawan niya, a girl so soft and so sweet. It is the perfect

contrast to the roughness of his features and the textile of the jeans,” paliwanag niya.

Tinitigan ni Barbie ang modelong si Arman na nagpo-project sa harap ng camera. Nagliwanag ang mga mata nito.

“Oo nga, totoo. Bongga!” he said appreciatively.

Kiming napangiti siya. Tiningnan niya ang lalaki. She knew that Arman, no matter how arrogant, looked extra-good in front of the camera. He was oozing with manliness.

“Tessa, Hija, naglalaway ka din kay Papa Arman,” palatak ni Barbie, na nagkamali ng basa ng ekspresyon sa mukha niya.

“Tse,” incredulous na tawa niya rito. “Nagpapatawa ka, Barbie.”

“Oy, kunwari ka pa. Nakow, hindi kita masisisi. Lahat naman halos ng nagtatrabaho rito, nagkakagusto kay Arman at one point in time. Kung hindi ko lang matagal na kaibigan ’yan, eh, matagal ko nang dinaan ’yan sa santong paspasan.”

Natawa siya. “So matagal na kayong magkakilala?”

“Since college. Habulin talaga ’yang si Arman. Pero alam mo ba, loyal iyan. Madaming naging

Spying On The Supermodel - Mary Santiago

girlfriends, yes, pero one at a time lang. One-woman man kumbaga. Grabe din 'yan kung magmahal.”

Ngumiti siya. *That's good to know.*

“Kilala mo ba 'yung bagong gf niya? Si Rica Melendez?” kaswal na tanong niya.

“Oo. Sikat rin iyon si Rica, 'yung anak ng artista. Grabe nga kung maglampungan ang dalawang 'yan pag nandito,” chika ni Barbie.

Hindi niya maiwasang hindi mairolyo ang mga mata sa naisip. *Si Rica talaga!*

“Eh, kumusta? Isa ba siya sa mga sinasabi mong grabe kung mahal in ni Boss?”

Naku, masyado na yatang pang-chismosa ang tanong ko. Baka makahalata ang hitad na ito.

Tiningnan muna siya ng baklang kaibigan na parang naghihinala.

Pinanatili niyang inosente pa sa pinakainosenteng daga ang mukha.

Mayamaya, nagkibit-balikat ito. “Hmm.”

Naghintay siya pero wala na itong sunod na sinabi.

Ito namang si Barbie, nagpa-mysterious effect pa.

“Pero,” saad nito mayamaya, “alam mo ang mga lalaki, they say one thing but do another.”

Kumunot ang noo niya. “Ano’ng ibig mong sabihin?”

Kumindat si Barbie at nagtawa. “*Naunsa ka man, Day? Pa-virgin effect ka pa. Siyempre, guys are guys. They play.*”

Of course, alam niya iyon. *One-woman man daw!*

“Ang ibig mong sabihin, ikaw at si Arman—”
Kunwa’y napapalatak pa siya, nakangising sinasakyan ang kadramahan nito.

Kumislap ang mga mata ng becky. “Oo. Hindi ko man gustong sabihin, nais ko mang itago... ako at si Arman ay...”

Binatukan niya ito. “Asa!”

Nagkahagikgikan uli silang dalawa.

Kumalat ang liwanag sa paligid nang i-on ni Tessa ang switch ng ilaw. Napataas ang kamay niya upang takpan ang mga mata nang masilaw.

“Ay!” Nahintakutan siya nang may humawak sa kanya.

“Shh!” Tumakip sa bibig niya ang isang kamay, nakatalikod siya sa humahawak sa kanya at nasa baywang niya ang isa pa nitong kamay.

Nagpapalag siya. Buong-lakas na kinagat niya ang estranghero, sabay siko rito. Hindi pa nakontento, sinipa niya sa pinakamaselang bahagi ng katawan nito.

“Magnanakaw! Trespasser! Rapist! Ito ang bagay sa 'yo!” Handang-handa siyang magpaulan ng madaming tadyak at suntok.

“Shit! Ouch!” Nagmura ang baritonong boses, nakasapo ang mga kamay sa nabugbog na crotch area nito.

Natauhan si Tessa nang makilala ang boses.

Patay, ang amo ko palang suplado!

“Tessa!” roared Arman. “What was that? Are you a psycho?”

Napangiwi siya.

Sa mga sandaling iyon, wish niya lang na lamunin na siya ng lupa para maitago siya sa galit ni Arman.

Spying On The Supermodel - Mary Santiago

Pero as usual, busy na naman ang fairy godmother niya at piniling magbingi-bingihan sa kahilingan niya. Sa sobrang pagkapahiya, she couldn't bear to look at Arman.

Arman was limping, masama ang itinatapong tingin sa kanya.

“Kasi naman ikaw, Sir, eh, hindi ka man lang nagsasabi,” paninisi niya. “Hindi ka man lang nagpaparamdam. ’Yan tuloy, akala ko trespasser ka. Hindi mo ako masisisi, self-defense lang. At saka, hindi naman masyadong malakas iyong pagsipa ko sa ’yo. Kaliwang paa kaya ang gamit ko. Kung kanan ang ginamit ko, mas malakas—”

“Shut up!”

Awtomatikong tumikom ang bibig niya

“You’re calling me a trespasser? Woman, baka nakakalimutan mo na you’re inside my house. Technically, you are the one trespassing.”

Nagtataka talaga si Tessa na hindi pa bumabagsak ang bubong sa kanila, sa lakas ng pagbulyaw ni Arman.

“Sorry,” she managed to squeak.

“At anong paramdam ang sinasabi mo d’yan?”

Ano ako, multo?”

Hindi niya mapigilan ang mapabunghalit ng tawa.

“What?” singhal nito.

“Marunong ka palang magbiro,” she muttered, bahagyang nahintakutan sa paglaki na naman ng ilong nito sa inis. “S’abi ng nanay ko, kapag kaya mo daw makahanap ng humor sa kahit anong sitwasyon, no matter how embarrassing, ang ibig sabihin n’un, hindi pa hopeless ang kaso mo.”

Arman was now starting to look real dangerous.

“Ang ingay mo?! Hindi ka ba titigil?” exasperated na sabi nito. Napapantastikuhang ipinukpok nito ang kamao sa ulo, probably asking the divinest being what he’d done in his previous life to deserve an employee like her.

Ngumisi siya.

“Ano’ng nginingiti-ngiti mo d’yan?”

Binura niya agad ang ngiti. Her face became stoic na para bang hinanginan at di man lang mangiti. Pero lalo yatang nainis ang lalaki sa ginawa niya.

Nakangiti ako, ayaw. Kapag hindi naman, ayaw

din. Hindi ka rin makulit ano? sa loob-loob niya.

“Why are you so freaking early? It’s just what, six in the morning?” pagkuwa ay usisa nito. There was a significant change in his tone.

Nahiwatigan ni Tessa na hindi na masyadong kumukulo ang dugo ng binata. Safe na ang ngumiti.

“Alam mo ba, Filipinos have a different concept of time. Ang konsepto natin sa oras, nakabatay sa natural rhythm ng kapaligiran at katawan natin. Nang magising ako kanina ito, I feel so well-rested na pakiramdam ko, super ready na akong harapin ang bagong umaga.”

“Ginagago mo ba ako?”

“Hindi kaya. Ito naman, napakapraning. Ang akala, lagi siyang chinochorva. Ang totoo, pumunta ako rito para magbasa ng mga libro, para makakuha ng creative inspiration, para mapag-igi pa ang galing ko.” At para patunayan ang katotohanan ng statement niya, itinuro pa niya ang shelves of books na nasa sulok ng studio.

Dahil maaga pa, kitang-kita ang mga iyon dahil wala pang nakaharang na equipment.

“Mabuti naman.” At nagtungo na ito sa sariling

opisina.

Kinabukasan, sinabihan siya ni Arman na sa opisina nito magbasa kapag ginagamit na para sa pictorial ang silid kung saan naroon ang bookshelves. Dinala ni Tessa ang librong nasimulan na niyang basahin at pumuwesto sa isang sulok sa opisina ng lalaki, malapit sa table nito. All the while, nagnanakaw siya ng tingin sa amo. Napansin niya na malinis na malinis ang table ng amo. Masinop na naka-pile ang mga files nito.

Kabaligtaran ng table ko na napakagulo, naisip ng dalaga.

Nakatayo sa sulok ng table nito ang isang picture frame ng babaeng nakita niya noong unang beses siyang magpunta rito. Nakayakap ang batang version ni Arman sa babae, nakangiti sa camera.

Nakatuon ang buong atensyon ni Arman sa laptop nito. Paminsan-minsan, tumitiim ang tingin nito sa screen sa lalim ng konsentrasyon.

“Stop staring at me,” Arman scolded nang hindi inaalis ang mga mata sa laptop. “I thought you came here to read.”

Spying On The Supermodel - Mary Santiago

Napapahiyang binawi niya ang tingin. “Nagbabasa naman ako, ah.”

Sandaling katahimikan ang namagitan sa kanila, na binabasag ng paminsan-minsang pagtaptap ng laptop nito.

“Arman,” hindi nakatiis na tawag niya rito. Kahit ang karamihan sa mga empleyado ay iyon ang address dito. Maliban na lang kung mainit ang ulo ng binata. “Puwede bang magtanong?”

“Nagtanong ka na,” anitong hindi nagtataas ng tingin.

“Yung babae sa picture, siya ba ang nanay mo?”

“Yeah. Bakit?”

“Ah. Kaya pala,” tango niya.

“Kaya pala ano?” aburidong tanong nito.

“Kaya pala guwapo ka. Mana ka sa kanya.” Malapad ang ngiting ibinigay niya rito.

A hint of a smile graced Arman’s lips. Pero saglit lang iyon. Bumalik sa pagbabasa si Tessa, satisfied na napangiti ang amo. Pero mayamaya ay hindi nakatiis na tinawag niya uli ito.

“Arman,” aniya.

Hindi uli ito nagtaas ng tingin. But he grunted to let her know he was listening.

“Di ba, the collection of books that a person has, says something about him or her? For example, kung writer ka, malamang madami kang books tungkol sa kung anu-anong topic, kasi nga para sa ’yo, lahat ay magagamit mo sa trabaho. Kung doktor ka, maraming kang medical books. Kung lawyer, madaming law books.”

“So?”

“*You* have a very curious collection of books. I mean, you own a lot of books on photography, on makeup, on lighting. Usual stuff that’s useful sa trabaho natin. But I noticed din na you have a significant number of books na medyo out of place. Then I realized they deal mostly on schizophrenia and psychosis.”

Natigil ang pagtipa ni Arman sa laptop nito.

“Do you have any particular interest in schizophrenia?” kaswal na tanong ni Tessa.

Arman’s jaw tightened. Then, he went on typing.

“If I do, it’s none of your business,” he replied coldly.

Spying On The Supermodel - Mary Santiago

Binuklat ni Tessa ang librong binabasa. She took her time flipping through it.

Minsan, may mga tanong na madaling nasasagot ng oo at hindi. Iyong iba, kailangan ng pagkahabang habang usapan para maintindihan. Pero minsan, ang malinaw na sagot ay masusumpungan din sa katahimikan.

“You’re right,” mayamaya ay sabi niya. Buong ningning siyang ngumiti. “It’s none of my business.”